

Maaari ding mabigyan ng 10 lapad (100,000yen) ang bawat isang dayuhan.

Dahil sa COVID-19, ang gobyerno ay magbibigay ng 10 lapad sa bawat isa na nakatira sa Japan.

Ang maaaring mabigyan ng 10 lapad (100,000yen) ay ang “lahat na mga taong nakasulat sa 『Basic Resident Register』 simula petsa-27 ng Abril”.

Kahit ang mga dayuhan ay mabibigyan ng pera.

Ipinahayag noong petsa-20 ng Ministry of Internal Affairs and Communications.

Para mabigyan ang mga dayuhan, ang mga sumusunod ay kinakailangan hanggang petsa-27 ng Abril

- Maninirahan sa Japan ng higit pa sa 3 buwan na Residence Card (Status of Residence)
- Magpa-rehistro sa “Resident Card” sa munisipyo ng tinitirhang lugar.

Mula sa munisipyo ng tinitirhang lugar kung saan ka nakarehistro sa resident card, ay padadalhan ka sa bahay ng “application form” para makatanggap ng pera.

Sa application form ay isulat ang pangalan ng head of the family (ama at iba pa), kapanganakan (taon, buwan at araw), tinitirhang lugar (tirahan), bank account kung saan ilalagak ang pera, pagkatapos ay ipadala sa munisipyo. Isabay sa ipapadalang application form sa munisipyo ang kopya ng bank account at kopya na magpapatunay ng pagkakakilanlan sa iyo.

Kung meron ng My Number Card ay maaari ang online application.

Ang araw na matatanggap ang application form, at ang araw ng pagbibigay ng pera, ay depende sa tinitirhan mong lugar.

Maaga ang ilang lugar na sa Mayo magsisimula.

Kung may mga gusto kang malaman ukol sa 「Basic Resident Register」 o 「Resident Card」 Maaaring komunsulta sa telepono. Ang nasa call center ay isang kawani ng munisipyo ng siyudad na may interpreter.

Call Center ng Ministry of Internal Affairs and Communications

0570-066-630 (Navi Dial)

03-6436-3605 (IP na Telepono, at mula sa PHS)

8:30~17:30

Sarado ng Sabado, Linggo at Pista Opisyal

Maaaring komunsulta sa wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portugal, Byetnam, Thai, Indonesia, Filipino (Tagalog), Nepal.

Nagpapaliwanag ukol sa 『Basic Resident Register』 ng dayuhan. May page ng lengguwahe ng iba't-ibang bansa.

https://www.soumu.go.jp/main_sosiki/jichi_gyousei/c-gyousei/zairyu/tagalog/index.html

Pinagkunan:

「外国人も1人10万円(100,000YEN)をもらうことができます」(やさしい日本語ニュース/withnews・朝日新聞 2020年4月21日)

URL: <https://www.facebook.com/yasashiinews/>